**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**

**News and Information Bureau**

# PRESS BRIEFING OF MS. DAPHNE OSEÑA-PAEZ WITH DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT SECRETARY BIENVENIDO LAGUESMA AND DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS SECRETARY MANUEL BONOAN

**August 8, 2023 [10:38 A.M. – 11:10 A.M]**

**MS. OSEÑA-PAEZ:** Good morning, Malacañang Press Corps, and welcome to our press briefing today, August 8.

Sa isang sectoral meeting kanina ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., ipinakita ng Department of Labor and Employment ang Philippine Labor and Employment Plan 2023-2028 or LEP.

The LEP is in line with the 8-Point Socio-Economic Agenda of President Marcos Jr. and the Philippine Development Plan 2023-2028 to reduce unemployment and address underemployment with better jobs.

Sa tulong ng LEP, isa sa mabibigyan-pansin ay ang trabaho sa infrastructure sector para sa Build Better More Project ng Department of Public Works and Highways.

Para bigyan tayo ng detalye tungkol dito, kasama natin ngayon sina DOLE Secretary Bienvenido E. Laguesma at DPWH Secretary Manuel M. Bonoan – magandang umaga, secretaries!

**DOLE SEC. LAGUESMA:** Magandang umaga, Daphne. At magandang umaga rin po sa ating mga kaibigan at mga kabalikat sa media.

**DPWH BONOAN:** Ganoon din po, magandang umaga po sa ating lahat sa ating pagtatalakay ng mga issues ngayon. Thank you po.

**MS. OSEÑA-PAEZ:** Okay. Secretary Laguesma, you may begin.

**DOLE SEC. LAGUESMA:** Iyong nabanggit po ni Daphne na may kinalaman po sa … kanina ay aking iprinisinta doon po sa sectoral meeting na pinangunahan po ng ating Pangulong Ferdinand Romualdez Marcos Jr., may kinalaman po ito sa pagbibigay ng flesh and substance doon po sa Chapter 4 ng PDP, iyon pong increasing income-earning ability. At ito pong LEP na amin pong iprinisinta kanina ay maituturing po na isa sa mga anak o daughter po ng PDP sapagkat ang pinanggalingan po noon ay ang PDP at naka-align nga sa 8-Point Socio-Economic Agenda ng ating Pangulo.

Mayroon pong tatlong prayoridad na amin pong, 'ika nga, ay ipinakita o ipinahayag doon po sa pulong kanina: Una, may kinalaman doon sa maximizing productive, remunerative, freely chosen, quality and sustainable job opportunities; pangalawa po iyong may kinalaman sa ensuring respect for all rights at work, international commitments at saka human rights; at ang pangatlo po na mahalaga ay may kinalaman po sa building an inclusive social protection for all.

So ito, Daphne, iyong buod ng aming presentasyon na kung saan ay malaking bahagi nga, nabanggit mo, ay iyong may kinalaman sa trabaho sa ating imprastruktura bukod pa doon sa ipinakita namin na magiging kontribusyon ng iba't ibang mga departamento kasama ang turismo, ang agrikultura at saka iyong atin pong BPO sector. So iyon po iyong medyo buod ng aming presentasyon kanina sa sectoral meeting.

**MS. OSEÑA-PAEZ:** Thank you, Secretary Laguesma. Let's hear from Secretary Bonoan.

**DPWH SEC. BONOAN:** Well, kaninang tinatalakay natin iyong mga job opportunities, kasi I floated the information to … iyong tinatalakay namin kanina that there's a big opportunity for labor, for the labor sector, actually, to take this opportunity kasi malaki iyong infrastructure program – iyong capital program ha, hindi iyong … aside from the private sector, there's a big public sector infrastructure program and under this administration of President Ferdinand Marcos Jr.

In fact, right now kasi, 2023, we are now implementing a total capital outlay budget of about more than 800 billion pesos 'no. And we are implementing siguro mga about 70,000 big and small contracts all over the country. So you can just imagine the labor force that we need in terms of skilled and technical people.

So sabi ko nga, now we are generating, I think, a total of … siguro ang requirement namin dito na threshold na program namin is almost about more than three million labor force 'no that will be comprising of skilled and unskilled people 'no on a year-to-year basis. And ang sabi ko nga kanina, this is just the start of the big infrastructure development program of the country because we are going to … ang target nga natin is to spend, I think, about anywhere between six, five to six percent of the GDP. And by next year, we will be implementing iyong mega projects of the government, so all the more that we will need iyong mga skilled labors in the force para sa public sector infrastructure program.

**MS. OSEÑA-PAEZ:** Okay, thank you. Are there any questions from Malacañang Press Corps? Chona Yu, Radyo Inquirer.

**CHONA YU/RADYO INQUIRER:** Sir, paano po natin mami-meet iyong three million labor force, iyong ating mga kababayan na kulang sa training para sa skilled and unskilled workers?

**DPWH SEC. BONOAN:** Yeah, well, of course, we will be relying on the private sector to provide us with the … iyong assistance and through iyong mga contractors, suppliers and everything. But iyong skilled and unskilled labors, of course, this is in tandem with the Department of Labor on skills training at saka iyong sa TESDA, isa sa mga training din ng mga workers, and so forth and so on. So this is going to be a collaborative effort between our Department of Public Works and Highways and, of course, Department of Labor and TESDA.

I'm just talking of DPWH ha. DPWH pa lang iyan, and there are other infrastructure programs of government. There are big! Including the Department of Transportation, they have big projects as well that are going to be implemented starting this year and all the way to the term of the President.

**DOLE SEC. LAGUESMA:** Dagdagan ko lang iyong binanggit ni Secretary Manny. Sa bahagi ng Department of Labor and Employment, mayroon ding tinatawag na National Technical Education Skills Development Plan for 2023-2028 na binalangkas po ng TESDA. Ito po iyong naglalaman ng mga intervention na puwedeng gawin ng Department of Labor and Employment, kabahagi po ang TESDA at saka iyong ibang mga departamento. Dahil kanina, sa sectoral meeting, medyo malaki ang bilang ng mga departments na dumalo kasi iyon pong Labor and Employment Plan cut across almost all departments, mayroon po silang bahagi upang iyong mga targets na nakikita natin batay po sa pakikipag-ugnayan sa mga business organizations, iyong kanilang mga projections, iyan po ay naisagawa natin at iyon po ay magiging bahagi ng intervention at saka iyong tutugunan nang sa ganoon iyong mga pangangailangan hindi lamang sa construction industry, maging sa BPO at pati po sa tourism, health.

Kasama po iyon sa mga nakikita kasi natin na employment generators na mag-a-address nung pong pinatututukan ng ating Pangulong Bongbong Marcos na may kinalaman sa quality of jobs, mayroon ding kinalaman doon sa underemployment. Kasi mahalaga na makita na ang trabahong

ginagawa ng ating mga kababayan, ng mga manggagawa ay dekalidad, pangmatagalan at hindi lamang temporary, at mahalaga na isaalang-alang iyong talagang pangangailangan ng mga sektor o industriya na mangangailangan po ng mga manggagawa sa mga darating na susunod na panahon.

**MS. OSEÑA-PAEZ:** Maybe we can add, sir, in keeping what you said that it's all of government, all of nation approach, iyong mga ibang agencies na dumalo kanina – TESDA, Trade and Industry, Secretary of Tourism, iyon financial cluster, DILG, DENR and health, and mayroon pang iba. And also what the President said, sir, iyong we should now differentiate between the foreign labor market and the local market. Would you like to—?

**DOLE SEC. LAGUESMA:** Totoo iyon, Daphne, kasi parang nakita niya eh, wala na iyong ganoong klaseng demarcation line eh. Bagamat ang focus po ng DOLE ay medyo magkaroon po tayo ng development ng ating skilled work force na sana'y pangunahing mapakinabangan ng ating bansa, hindi po natin maipagkakait at mapagbabawalan ang mga manggagawa na may kasanayan na mangibambansa at mangarap ng mas mataas na klase ng trabaho. So iyon iyong medyo nakita at bahagi ng nabanggit ng ating Pangulo na siguro kailangan bukas ang ating pag-iisip, tuluy-tuloy ang pagsasanay at i-anticipate natin ang magiging requirements ng labor market.

**DPWH SEC. BONOAN:** Can I just add up? Actually, these opportunities that are coming up actually, these are the opportunities na iyong ating mga kababayan na they're thinking going abroad na mag-employ somewhere else, I think this is one way of by which we can already attract them, keep them dito lang sa mga gagawin natin dito sa Pilipinas. Kasi this is going to be sustained, actually, infrastructure program for, at least, for the next five years or so.

One of the problems before, I think, is sustainability on the availability of labor employment in …Pero ngayon, because of the policy of the infrastructure development program is going to be including big ticket projects in the next five years, I think, all the more that our kababayans who are actually planning to go abroad and seek employment there... there is going to be opportunity now in the Philippines.

**CHONA YU/RADYO INQUIRER:** Sir, follow up since nabanggit ninyo na po 'yung labor force. How can you attract our workers to stay in the Philippines? At par po ba ang pasuweldo natin compared sa abroad?

**DPWH SEC. BONOAN:** Well, sa tingin ko naman because of these big opportunities, there's going to be a competitive kuwan ng ating mga—marami kasing mangangailangan so I think it will come naturally, iyong mga offers for... iyong mga magagaling, etcetera. The private sector will respond to it actually, sa tingin ko noong pag-employ ng magagaling na mga workers in the implementation of these projects.

**MS. OSEÑA-PAEZ:** Okay. Jonel Maribojoc, UNTV.

**JONEL MARIBOJOC/UNTV:** To Secretary Laguesma. Regarding doon sa labor plan, nakapaloob po ba dito iyong improving the wages of the workers?

**DOLE SEC. LAGUESMA:** Mayroon pong bahagi iyong sinasabi natin na building an inclusive social protection for all. Bahagi din po iyong pagri-review ng mekanismo na nag-a-address po sa mga benepisyo ng mga manggagawa 'no. At siyempre, alam natin na nandidiyan iyong ating umiiral na tripartite mechanism 'no na nag-a-address lamang naman [kapag] may kinalaman sa minimum wage level.

Mayroon po kasing masasabi natin na dalawang kaparaanan kung paano ka nakakakuha ng karagdagang suweldo o benepisyo – iyong isa 'yung sinusulong ng atin pong Regional Tripartite

Wages and Productivity Board; ang ikalawa po ay may kinalaman doon sa tinatawag na collective bargaining negotiations ‘no. So ang direksiyon po ng mga wage boards, tingnan po kung papaano makakatulong kasama po noong pagbabalanse doon sa kapasidad, kakayahan ng mga namumuhunan lalo pa’t isasaalang-alang natin na ang malaking bahagi po ng mga existing na kampanya/negosyo, naroon po sa kategorya ng micro, small and medium enterprises.

**JONEL MARIBOJOC/UNTV:** Ano po ‘yung tina-target po ninyo na unemployment and employment rate after the implementation of this plan?

**DOLE SEC. LAGUESMA:** Eh gusto po natin na ang maging sitwasyon, iyon pong binabanggit ng ating Pangulo na walang maiiwan – inclusive growth; secondly, poverty reduction by a single digit at makalikha ng mga tinatawag natin na quality at more remunerative, mutually beneficial na benepisyo para iyong nababanggit natin na atraksiyon ng overseas employment medyo mabalanse doon sa tinatawag naman natin na social cost ‘no.

So iyon pong ano... pagbibigay-liwanag lang, hindi po ito—iyong plano po, hindi siya naglalayon na overnight maresolba mo lahat iyong mga concerns ng mga manggagawa. Dapat po ay mayroon talagang mga dadaanan na hakbangin; ikalawa po, kailangan natin na... sa Department of Labor and Employment kasi, mahalaga at ginagalang po namin iyong konsultasyon at saka social dialogue. So malaking inputs nanggagaling po sa pribadong sektor ‘no.

So kung magta-target po kami ng amount ngayon, palagay ko dapat nating isaalang-alang na mayroon pong mga action plans na magiging bahagi ng labor and employment plan ‘no. At ito, magiging resulta ng talakayan sa pagitan ng kinatawan ng manggagawa at namumuhunan.

Let me just hasten to add na iyong nabanggit kanina, “Ano, competitive ba iyan, sapat na ba iyan o makakaangat?” Relative po iyong ganoong klaseng mga ano dahil depende nga po sa industriya na puwedeng mag-sustain. Subalit ang bottom line po, gusto natin na magkaroon ng katuparan iyong nilalayon ng ating Pangulo na isang bagong Pilipinas na kung saan may matatag, maginhawa at panatag na buhay para sa mamamayang Pilipino dito sa ating sariling bayan.

**MS. OSEÑA-PAEZ:** Alvin Baltazar, PBS.

**ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS:** Secretary Bonoan, magandang umaga po. Follow up ko lang sana iyong question ni Chona kanina doon sa… para makahikayat tayo ng mga manggagawa natin na huwag nang mag-abroad, baka pupuwedeng makahingi ng kaunting… kahit salary range lang halimbawa ng mga engineers na kakailanganin natin sa maraming infrastructure projects para mahikayat natin sila na dito na lang magtrabaho at huwag na sa abroad.

**DPWH SEC. BONOAN:** Well alam po ninyo, actually one of the highest paying jobs actually is now in the government actually – especially iyong mga skilled in technical people ‘no. Kasi I think, iyong salaries actually that being offered actually sa government pa lang is a very comfortable salary scale ‘no. So, many people are actually trying to get into the labor force of government actually right now.

So, I can just imagine na kung halimbawa marami iyong opportunities na iyan, palagay ko mag-aagawan ng mga skilled labors na kapag nagkaroon ng maraming opportunities. And that’s why iyong mga private companies are actually still even trying to pirate some of our people in government now because of the need for them to provide.

Kasi requirement iyan sa mga contracts nila, that they have to engage iyong mga kagaya ng mga civil engineers, architects, iyong mga skilled labors and all these things actually. So, there’s going

to be competitive kuwan siguro sa private sector in employing actually iyong ano nila, mga tauhan nila for a better-paying jobs actually.

**ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS:** Sir, baka may figures tayo; at least salary range? *[laughter]*

**DPWH SEC. BONOAN:** Well, I can only speak for now sa government sector 'no. Kasi iyong mga... well, let me just point out actually iyong entry level position namin for a civil engineer in the department is I think is about 35,000 pesos na yata eh. So, it's a big kuwan na iyan eh. Entry position huh, for a civil engineer actually, mga ganoon.

**DOLE SEC. LAGUESMA:** Daphne, siguro dagdagan ko lang kasi parang ang gusto niya talagang madinig eksaktong amount eh. Ano ba iyong range eh. Kasi po iyong ano, nakabatay po iyan sa ating labor market – iyong ordinary na nadidinig natin bagama't ako po'y hindi ekonomista, iyong supply and demand forces. Kung marami po ang pagkakataon na gusto po naming malikha dito eh siyempre po magkakaroon ng kakulangan ng supply noong nabanggit niya kanina na mga kailangan na skilled categories 'no, lalo na mga may kinalaman sa science, technology, engineering, mathematics – iyon po ang magdidikta talaga ng presyo at mag-aagawan.

In fact sa mga BPOs, ang akin pong pagkakaalam, eh medyo nagkakaroon na rin sila ng poaching o paglipat-lipat kasi iyon nga ang gusto po naming ma-address din na makatulong sa mga industriya na na-identify po natin na puwedeng maging employment generators, at siguro po susunod iyon. Ang gusto po naming tiyakin, na iyong level po ng pasahod commensurate naman po doon sa mga dapat na gawain. Wala naman po sigurong... sa bahagi po ng pamahalaan lalo na po sa Department of Labor and Employment, gusto po naming matiyak na ang mga labor standards, hindi lamang po may kinalaman sa suweldo at benepisyo, lalo na po 'yung may kinalaman sa health and safety ay pinatutupad nang sa ganoon po medyo mayroong peace of mind ang ating manggagawa.

Iyong range ha, nabanggit niya iyong sa gobyerno – sa iba medyo mas mahirap nang makakuha. In fact as we speak, iyong mga pangangailangan for skilled or iyong tinatawag na master carpenter, master plumber, master electrician... ang hirap maghanap sa construction industry. Iyong mga master ho ngayon, hindi na totoong tunay na master talaga *[technical problem]* ginagawa po natin na magbigay ng karagdagang pagsasanay sa kanila nang sa ganoon hindi naman po ma-discourage din iyong mga kumukuhang kumpanya na talagang puwede nilang magampanan iyong responsibilidad ng isang master plumber and the rest.

**MS. OSEÑA-PAEZ:** Nestor Corrales, Philippine Daily Inquirer.

**NESTOR CORRALES/INQUIRER.NET:** For Secretary Bonoan. Sir, senators have criticized the ineffectiveness of the DPWH's flood control programs despite the hefty amounts of annual appropriations on the said program. Sabi ni Senator Revilla, to quote: "*Taun-taon tayong naglalaan ng pondo sa dalawang ahensiya na ito…*" – referring to MMDA – "*na ito para solusyunan ang problema sa baha pero bakit hindi natin nararamdaman?*" What's the status of our flood control programs? Are we on track or are there delays due to some problems?

**DPWH SEC. BONOAN:** Let me put it this way. I can only speak for what we started actually, we are just been in this administration for one year you know and the projects that we are implementing for a flood control project under the 2023 budget is ongoing 'no. Ongoing pa rin iyong mga projects that are implementing right now. I think, they have quoted actually the total amount of about 180 billion pesos – iyong amount na iyan is distributed all over the country; and they are ongoing and they are on track actually. Wala namang…doon kasi sa budget namin we have two years actually to implement all these projects – these are online naman.

**NESTOR CORRALES/INQUIRER.NET**: So, wala pong delayed sa mga projects ng DPWH?

**DPWH SEC. BONOAN:** I can admit that there are some projects that had been delayed actually; maliliit lang naman, but most of them are ongoing right now. You cannot just avoid actually kasi iyong flood control projects in some areas actually mayroon namang mga issues on right-of-way acquisition ng areas and well some of the weather disturbances and things like these. But these are but natural kuwan naman at you can cope up within the next two years or so.

**MS. OSEÑA-PAEZ:** Ivan Mayrina, GMA 7.

**IVAN MAYRINA/GMA 7:** Secretary Bonoan, napag-usapan na rin po iyong baha, kahapon ho sa briefing sa Bulacan isa ho sa mga tinutukoy na dahilan ng pagbaha ay iyong ibang mga construction projects, for example bypass road in if I'm not mistaken, in San Rafael, Bulacan; even the NSCR, iyong riles daw ho ng commuter railway sa Malolos portion ay tinambakan daw ho iyong isang dating waterway na isang naging dahilan ho sa pagbaha; nandiyan din po iyong mga private subdivisions, et cetera.

Magkakaroon po kaya tayo ng audit or perhaps a second look into our construction practices para hindi ho nagiging sanhi ng mga ganitong pagbaha?

**DPWH SEC. BONOAN:** Dapat lang naman po. I think mayroon naman tayong kuwan dito sa pagpapagawa ng mga infrastructure projects that iyong mga ganoong bagay ay dapat iwasan naman natin at nang hindi nakakabara sa mga waterways 'no.

We were just talking with Secretary Jimmy Bautista kanina and I think he made sure actually iyong ginagawa nila ngayon doon sa mga railway projects na sinasabi nila na nakakabara and he made assurance that well-kept naman iyong paggagawa nila, iyong sa mga contractors nila and even with the DPWH iyong mga ginagawa naming mga bypasses, we make sure na hindi ka talaga nakakabara ng mga waterways.

I think, sa akin lang naman, technically kasi some of the problems actually in Bulacan is actually that many of the rivers there, the riverbed are just so shallow now at this time. So, we need to increase the carrying capacity of these rivers para mas mabilis iyong pagdaloy ng tubig-baha papunta sa Manila Bay.

**IVAN MAYRINA/GMA 7:** Salamat po. Secretary Laguesma, sir. Isa ho sa mga baon ng Pangulo tuwing bibiyahe siya ay iyong mga pledge or iyong mga posibleng malikhang trabaho ng mga investment pledges. 14 months into his term mayroon na ho kaya tayong updates sa mga nalikhang trabaho base dito sa mga biyahe niya abroad?

**DOLE SEC. LAGUESMA:** Alam natin na iyong mga pledges commitment ay dumadaan sa mga proseso at hindi siya iyong parang nagpunta lamang sa isang palengke o grocery na bumili, naroroon na. Subalit, ang isang magandang development na batay na rin ito sa aming pakikipag-ugnayan sa DTI at sa pahayag ni Secretary Pascual, mayroon nang magma-materialize at ito ay may kinalaman sa power sector at saka renewable energy. At sa aking pagkakatanda, mayroon siyang binanggit na limang bansa, bahagi na diyan ang Germany, ang Singapore, ang US at mayroon pang dalawa, Netherlands yata kasama din. Nabanggit niyan na ito ay nasa proseso at mayroon siyang nabanggit na puwedeng malikhang hanapbuhay o trabaho ang, sana ay hindi ako nagkakamali, mga 75,000 iyong nabanggit niya doon sa limang nabanggit na bansang nagpahayag ng kanilang commitment.

At kami sa Department of Labor and Employment ay nakikipag-ugnayan kami sa DTI at sa DOE kasi kung may kinalaman iyan sa renewable energy at saka sa power sector gusto naming tingnan

iyong available manpower natin – nakahanda ba tayo na 'ika nga ay tugunan iyong pangangailangan nila.

So, as you can see collaboration, convergence ng mga iba-ibang departamento ay tuluy-tuloy; hindi kami gumagalaw at hindi kami tumitingin na kami lamang ang nagpaplano, dapat maisama namin at maging bahagi ng aming mga ginagawang hakbangin tungo sa paglikha ng pribadong sektor ng karagdagang hanapbuhay ay nariyan iyong mga importanteng mga departamento nang sa ganoon ay tulung-tulong kami na matiyak na hindi mauunsiyami o hindi naman madi-discourage iyong mga nagplano o maglalagak ng mga puhunan – makita na nila na in place na iyong mga kinakailangan nilang imprastraktura kasama na rin ang manpower requirement.

**IVAN MAYRINA:** Thank you.

**MS. OSEÑA-PAEZ:** Okay. Tuesday Niu, DZBB.

**TUESDAY NIU/DZBB:** Good morning po, sir and ma'am. Kay Secretary Bonoan, sir. Kahapon, sir, sa situation report sa Central Luzon nabanggit sa Presidente at pumayag na rin po siya na maitaas iyong lebel ng NLEX – part of the NLEX. Sabi po ay nakausap na rin po ang DPWH at pumapayag na rin kayo. So, kailan po kaya ito masisimulan at kapag nagsimula ang construction, papaano ninyo ia-address po iyong magiging traffic na naman diyan?

**DPWH SEC. BONOAN:** Well, ang instruction po sa amin, I think the arrangement is ang medyo itataas po namin ay iyong existing tulay that cross over the NLEX 'no. But itataas lang po namin iyong tulay and then NLEX will also raise their carriageway nila, sila na ang magri-raise ng carriageway nila. Well, that's the instruction that we got yesterday so we are now going to look for the funds actually to be able to gawin namin iyong pagtaas ng existing na tulay.

We are hoping that, sabi nga ni Presidente this is going to be a very urgent matter and he will attend to it. In the next few weeks siguro makakuha na kami ng pondo for that matter. Hindi naman masyadong mabigat na trabaho iyan because it's an existing bridge, we just have to jack it up, maiakyat namin ng about .7 meters yata iyong gagawin and then consequently kapag naitaas namin, sila naman sa NLEX itataas din nila iyong pavement nila. Ganoon po iyong arrangement namin.

**TUESDAY NIU/DZBB:** Sir, once nakuha ang fund, gaano kabilis na masimulan ninyo na iyong construction or iyong upgrading noong tulay?

**DPWH SEC. BONOAN:** Well, siguro kapag may pondo kami kaagad I think in about some months' time puwede naming matapos iyan kasi it's not meant to be a very technical activity na gagawin namin because it's just a matter of jacking it up actually.

Ang importante lang doon is because if you jack it up about .7 meters iyong approaches will have to be reconstructed – iyon lang ang medyo challenge namin doon.

**MS. OSEÑA-PAEZ:** Okay. Cresilyn Catarong.

**CRESILYN CATARONG:** Secretary Bonoan, regarding pa rin po sa pagbaha, sa part po ng DPWH ano po iyong tugon ng ahensiya doon sa utos ng Pangulo about po doon sa impounding system construction sa Candaba, Pampanga po?

**DPWH SEC. BONOAN:** Well, I think it's a project that we need to look into. Iyan ho ang sabi ni Presidente, that will be the longer-term program na dapat pagtuunan ng pansin kasi, well, sabi nga ng Presidente iyong desilting and dredging activity will just be short term, but the longer-term program is actually to find a long-lasting solution to the problems in Pampanga and Bulacan. So,

one of the ideas or the concepts that had been floated up during the discussion is actually iyong impounding area in the Candaba swamp.

So, we will look into the…there's going to be a technical study that we have to undertake actually para maisagawa natin iyong program na iyon. But I think looking for a more permanent, long-lasting solution I think is going to be the objective of the entire program now in those areas.

**MS. OSEÑA-PAEZ:** Okay, last question from Tuesday Niu again.

**TUESDAY NIU/DZBB:** To Secretary Laguesma. Sir, I understand nasimulan na po ng Region IV-A if I'm not mistaken, iyong hearing para doon sa hirit na dagdag suweldo sa region. Kapag nagsisimula po ng hearing, mga gaano katagal po iyon bago sila makapag-decide kung magkano ang ia-adjust?

**DPWH SEC. BONOAN:** Siguro hindi lang Region IV-A ang gumagalaw sa ngayon kasi batid naman ninyo na ang proseso can be done motu proprio, ibig sabihin sa sariling kusa ng mga boards; o kaya naman may petisyon.

Kung nasimulan na, kung nagkaroon na ng public hearing, ang susunod na proseso diyan after the public hearing ay magkakaroon na ng tinatawag na wage deliberation and normally, within a period of one month, natatapos iyan 'no, within a period of one month, barring any unforeseen event. Basta natapos na iyong public hearing, magdidiskusyon na iyong mga miyembro ng wage board, iyong mga kinatawan ng manggagawa at saka namumuhunan, kasama iyong representative ng DOLE, DTI at saka NEDA. At mayroon silang timetable din na tinitingnan; ang aking pagkakatanda, pagkatapos ng deliberasyon, siguro within a month tapos na rin po iyong kanilang kumpletong proseso.

So, we can anticipate na mayroon na sila ring ilalabas; siguro baka by next month, maaaring ganoon ang mangyari. Subalit hindi ko ho sila puwedeng pangunahan – gusto ko lang bigyan-diin kasi ako po iyong chairman ng National Wages Productivity Commission. Kapag sinabi ko po na gawin ninyo ito at ganito ang inyong ilabas, parang inuutusan ko sila eh. Kung iapela po iyong desisyon, eh medyo parang na-preempt ko sila sa kanilang trabaho. Gusto po naming ma-maintain ang independence ng mga Regional Tripartite Wages and Productivity Boards. At karagdagan, gusto rin naming tingnan nila hindi lamang may kinalaman sa dagdag-suweldo, dagdag productivity rin para makinabang din parehas ang manggagawa at saka ang namumuhunan. Thank you.

**MS. OSMEÑA-PAEZ:** Okay, thank you. Thank you very much, Secretary Laguesma. And thank you, Secretary Bonoan. Maraming salamat, Malacañang Press Corps.

###